MIDWIFE 2 "Opo sir, kaya lang parang masyadong mabigat namon po."

COUN. REYNALDO C. PALABRICA "Hindi po kami, Kaya nga po, naaintindihan po namin yun. Intending-intinding po naming yun, kaya nga po, apektado yung hanap-buhay ninyo, alam po namin yun. Kaya nga, Isa sa remedyo, ay huwaq na tayong pumayag na may bagong ma dead, ang hanap-buhay niyo ay panganganak. Nagtatako naman ako dito sa mga maternity lying-in, nagpaanak lang pero nanganganak din. Kaya pipigilan nalang natin, Kayo-kayo na muna, mag moratorium na tayo, wala ng maldadagdag, para yung dami ng bilang na nanganganak, ay para sa inyo nalang, hindi na magkakaroon ng share yung bagong darating. Huwag na nating payagan, Kayo-kayo nalang, kasi sa economic side ninyo, yun ang maitutulong ng gobyerno ng Bacoor."

COUN. REYNALDO C. PALABRICA "Puwe de naman kasi kami magiabas ng regulation, walang tatayong lying-in sa Bacoor, bukod sa existing. Gusto niyo bang may magtayo pang iba? Payag kayo? Payag, hindi?"

PB. VIVIAN GAWARAN- RAMIREZ "Councilor, hindi po kami makasagot,"

COUN. REYNALDO C. PALABRICA "Payag ba kayo na madagdagan pa ng lying-in clinic sa Bacoor? Wala na? much, better. Pero masisigurado ninyo na wala ng magtatayo kung may batas. Proteksyon sa inyo, Nasasainyo na po yun kung gusto niyong magsara, lumipat ng ibang bayan, doon sa puwede yung Gravida 1 at Gravida 5, that is your decision. Pero, sinasabi namin sainyo ngayon, pinag-uusapan natin ngayon, hindi natin puwede suwayin anng nasa taas, tapos yunbg pinaglalaban niyong Gravida 1 at Gravida 5, ang gamit ninyo ordinansa namin, na ginawa namin. Na ang basehan, regulasyon ng DOH. Ang regulasyon ng DOH na yun, ay nilift na. Edi wala ng basehan ang ordinansa natin. Ano laban natin? Kaya nga tayo nagawa ng paraan kung papaano. Kung ayaw niyo sa paraan na sina suggest namin, wala naman kaming magagawa. Pero ang gusto lang naming iparating sainyo, hindi namin kayo pinababayaan. Kung ano pa man ang remedy na possible remedy, kasama niyo kami."

COUN. REYNALDO C. PALABRICA "Kaya sinasabi niyo kanina, wala naman tayo, magtatayo o magsasara, mayroon, ay nasa inyo po. Kung hindi niyo po kailangan ng tulong namin, okay lang po. Kami nag offer ng tulong, kasi nararamdam namin kayo. Pero sana maintindihan ninyo, ang kalaban niyo dito DOH, hindi kami, tapos ginagamit ninyong ordinansa namin na basehan galin sa DOH, tinanggal ng DOH, ano na ngayon yung basehan natin? Sige bigyan niyo ko ng basehan. Baka puwede natin pagtulungan. Kasi hindi constructive ang sinasabi. Gusto namin tumulong pero ayaw niyo, okay."

PB. VIVIAN GAWARAN- RAMIREZ "Pasensya na po. Siguro na ano lang yung mga kasamahan ko."





COUN. REYNALDO C. PALABRICA "Naiintindihaan ko naman kayo mare, alam mo naman kung paano ako dumamay diyan."

PB. VIVIAN GAWARAN- RAMIREZ "Humihingi po ako ng dispensa sa inyo bilang presidente nila, kami po ay narito para malayos at matulungan niyo kami, kasi nga ito ang aming bread and butter, ito ang aming hanap-buhay."

COUN. REYNALDO C. PALABRICA "Alam niyo kung gaano namin kayo pinahahalagahan? Dalawang lawyer ang pinaattend namin sa hearing ngayon, Si Attorney Bambi from the City Legal Service Office, at nandito mismo yung gumawa ng ordinansa, si Attorney Atega, kasi nga para matulungan namin kayo. Kung anong puwede natin gawin, kaya lang, tali kasi tayo doon sa, kung mataas lang tayo sa Regional, baka sinibak na natin yun. Hindi puwede."

COUN. REYNALDO C. PALABRICA "Please make it on record that the Association of Lying-in Clinics of Bacoor, headed by its President Madam Vivian Gawan-Ramirez, submitted a position paper, signed by all of the officers of the Association."

COUN. REYNALDO C. PALABRICA "Baka may nakalimutan pa kayong diyan? Ipahabol natin, para matulungan natin. Hindi ko alam kung mapapasa natin sa Monday ang suspension nito, or depende pa yan sa mga konsehal, apat lang kami dito sa committee, ang magdedecide nito ay buong konseho, so magkakaroon pa ng deliberation, kung ano ang mga sinabi niyo dito, ay irereport naming sa session on Monday. Para hindi pagbatehan kung hindi i express ang opinyon ng mga konsehal at pagbabotohan."

PB. VIVIAN GAWARAN- RAMIREZ "Siguro po ay dagdagan namin, pero ilalagay din namin kung ano yung mga possible epekt."

"Okay po."

COUN. REYNALDO C. PALABRICA "Kung mayroon pang dagdag for supplemental position paper. Kasi baka may nakalimutan kayo, puwede pa ihabol, until Monday, bago mag session."

PB. VIVIAN GAWARAN- RAMIREZ "Mamaya po, ipapareceived nalang namin sa secretariat."

COUN. REYNALDO C. PALABRICA "Puwede naman nating received ngayon, kung mayroon kayong pahabol, sa supplemental position paper to received. Anytime today, tomorrow, or Monday before the session. Babasihan namin yan sa session."

COUN. REYNALDO C. PALABRICA "Any motion from the members?"

COUN. ROGELIO NOLASCO "Mr. Chair, since there is no other issue to be discuss, I moved the adjournment of this committee hearing."

COUN. REYNALDO C. PALABRICA "It has been moved by honorable Nolasco, that this hearing be adjourn, any second to the motion, any objections? hearing none, therefore, this committee hearing is now adjourned."





Republic of the Philippines
Province of Cavite
CITY OF BACOOR
OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD



Seal of
Good
Local
Governance
2023 Awardee
7 years in a row!

Prepared by:

RONALDO M. VERONA
Clerk

Attested by:

COUNCILOR REYNALDO C. PALABRICA
Chairman

MINUTES OF THE COMMITTEE REPORT CHS-PCR-667-2024
Resolution to suspend Article 3 Section 21 – Health and Sanitation Code

Page 17



STRIKE
AS

Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg.,
Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitsp.com



Cert. no. 24/181809



**Republic of the Philippines
PROVINCE OF CAVITE
City of Bacoor**



OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

CGBCR-SPBac-F003.01
04/05/2024

Committee on Health and Sanitation
NOTICE OF COMMITTEE HEARING

(PROOF OF RECEIPT)
(September 19, 2024 1:00 PM)
[SP Session Hall]

Office of the Sangguniang Panlungsod
Referred by: Hon. Edon B. Pangan
Date: 09-32-2010

Subject: A RESOLUTION TO SUSPEND ARTICLE 3 SECTION 23 OF HEALTH AND SANITATION CODE IN VIEW OF THE ADVISORY FROM PROVINCIAL HEALTH OFFICER NONIE JOHN L DALISAY ENTITLED "NATIONAL POLICY IN THE PROVISION OF BIRTHING ASSISTANCE TO PRIMIGRAVID AND GRAND MULTIGRAVID WOMEN". (PCR No. 667-2024) dated (September 16, 2024)

NOTICE OF COMMITTEE HEARING NO. CHS - PCR 667-2024

Page 1

A RESOLUTION TO SUSPEND ARTICLE 3 SECTION 23 OF HEALTH AND SANITATION CODE IN VIEW OF THE ADVISORY FROM PROVINCIAL HEALTH OFFICER NONIE JOHN L. DALISAY ENTITLED "NATIONAL POLICY IN THE PROVISION OF BIRTHING ASSISTANCE TO PRIMIGRAVID AND GRAND MULTIGRAVID WOMEN"



STRIKE
AS

Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg.,
Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046) 417-0727
Website: www.bacoorcavite.com



Cert. no. 24/181809



Republic of the Philippines
PROVINCE OF CAVITE
City of Bacoor



Seal of
Good
Local
Governance
2023 Awardee
Tinuno ni a roon!

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

CGBCR-SPBac-F063.01
04/05/2024

Committee on Health and Sanitation
ATTENDANCE OF COMMITTEE HEARING
(PROOF OF RECEIPT)
(September 19, 2024 1:00 PM)
(SP Session Hall)

Subject: A RESOLUTION TO SUSPEND ARTICLE 3 SECTION 23 OF HEALTH AND SANITATION CODE IN VIEW OF THE ADVISORY FROM PROVINCIAL HEALTH OFFICER NONIE JOHN L. DALISAY ENTITLED "NATIONAL POLICY IN THE PROVISION OF BIRTHING ASSISTANCE TO PRIMIGRAVID AND GRAND MULTIGRAVID WOMEN". (PCR No. 667-2024) dated (September 16, 2024)

NAME	OFFICE	CONTACT # Email Address	SIGNATURE/DATE
Estrellita M. Ab	Private Lying In Clinic	09493305027	9/19/24
Maricel Ab	Baby and Me	09310299911	9/19/24
CARMEN AQUINO	Bernardo Maternity Clinic	09178951997	CA
LOUPETTE S. FERNANDEZ II	M&S FERNANDEZ LYING-IN CLINIC	09339298679	S. 9/19/24
ROSALIE T. NUÑEZ	SMALL ANGLES BIRTHLINE CLINIC	09059240187	JRNU
ALMA B. PACTO	Queen's Crown Lying-in Clinic	09198752335	SANTO
VIOLET G. RAMIREZ	Lying In Clinic	09987792885	VG 9/19/24
KIDE A. DIMABAYAO	Grace Lying In Clinic	09344798830	KIDE 9/19/24
LAILANI J. SANCHEZ	OCHS	09610501831	9/19/24
Valerie Valenciano	OCIS	09064072077	VALERIE 9/19/24
LAURO RAMOS	MARITA RAMOS LYING-IN CLINIC	09282959923	LAURO 9/19/24
MA. GENE PENESITA A. TENDENCIA	TENDENCIA MEDICAL & MATERNITY LYING-IN CLINIC	09178251554	GENE 9/19/24

ATTENDANCE OF COMMITTEE HEARING NO. CHS - PCR 667-2024

Page 1

A RESOLUTION TO SUSPEND ARTICLE 3 SECTION 23 OF HEALTH AND SANITATION CODE IN VIEW OF THE ADVISORY FROM PROVINCIAL HEALTH OFFICER NONIE JOHN L. DALISAY ENTITLED "NATIONAL POLICY IN THE PROVISION OF BIRTHING ASSISTANCE TO PRIMIGRAVID AND GRAND MULTIGRAVID WOMEN".



STRIKE AS

Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg.
Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com



Cert. no. 24/161609



**Republic of the Philippines
PROVINCE OF CAVITE
City of Bacoor**



OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

CGBCR-SPBac-F003.01
04/05/2024

ATTENDANCE OF COMMITTEE HEARING NO. CHS - PCR 667-2024

ATTENDANCE OF COMMITTEE HEARING NO. CHS - FCR 667-2024 Page 1
A RESOLUTION TO SUSPEND ARTICLE 3 SECTION 23 OF HEALTH AND SANITATION CODE IN VIEW OF THE ADVISORY FROM PROVINCIAL HEALTH OFFICER NONIE JOHN L. DALISAY ENTITLED "NATIONAL POLICY IN THE PROVISION OF BIRTHING ASSISTANCE TO PRIMIGRavid AND GRAND MULTIGRavid WOMEN"

Page 1




STRIKE
AS 1

Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg.,
Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcity.gov.ph



Cert. no. 24/181809

PCR 667-2024 - A RESOLUTION TO SUSPEND ARTICLE 3 SECTION 23 OF HEALTH AND SANITATION CODE IN VIEW OF THE ADVISORY FROM PROVINCIAL HEALTH OFFICER NONIE JOHN L. DALISAY ENTITLED "NATIONAL POLICY IN THE PROVISION OF BIRTHING ASSISTANCE TO PRIMIGRAVID AND GRAND MULTIGRAVID WOMEN







**COMMITTEE ON HEALTH AND SANITATION
MINUTES OF THE COMMITTEE HEARING
CHS-PCR-667-2024**

Office of the Sangguniang Panlungsod
Received by: Janet Ping
Date: 9/3/2024
Time: 9:30 AM

Subject: *A resolution to suspend Article 3 Section 21 of Amended Health and Sanitation Code in view of the advisory from Provincial Health Officer Nonie John L. Dalisay entitled "National Policy in the Provision of Birthing Assistance to Primigravid and Grand Multigravid Women"*

(PCR-667-2024: Date referred: September 02, 2024)

A committee hearing on the above-subject matter was conducted last October 02, 2024, 9:30 a.m. at the Sangguniang Panlungsod Session Hall presided by Committee Chairman Hon. Reynaldo C. Palabrica.

MEMBERS OF THE COMMITTEE AND CITY COUNCILORS PRESENT:

HON. REGELIO NOLASCO
HON. LEVY TELA
HON. SIMPLICIO DOMINGUEZ

RESOURCE PERSONS PRESENT:

ATTY. SALVE VALENCIANO	-	OFFICE OF THE CITY LEGAL SERVICES
DRA. IVY MARIE YRATORZA	-	OFFICE OF THE CITY HEALTH SERVICES
BEA MAGPANTAY	-	OFFICE OF THE CITY HEALTH SERVICES
VIVIAN GAWARAN - RAMIREZ	-	PUNONG BARANGAY
GRACE SILVESTRE	-	ZAPOTE 1
JOBELL LORAIS VECINO	-	ST. MICHAEL MEDICAL HOSPITAL INC.
MANEAN SUNDIAN	-	LONGOS ZAPOTE 5 LYING-IN CLINIC
ANN LILIAN PELAYO	-	ZAPOTE 1 LYING-IN CLINIC
CARMEN AQUINO	-	LIGAS 1 LYING-IN CLINIC
VOLTAIRE TUMANGAW	-	SOUTH CITY HOSPITAL AND MEDICAL CENTER
JOHN EDWARD DE MESA	-	SOUTH CITY HOSPITAL AND MEDICAL CENTER
DR. TRINIDAD GERALDINE PURUGGANAN	-	MOLINO DOCTORS HOSPITAL
ELVIRA TENDERNO	-	MOLINO 2. ELVIRA TENDERNO CLINIC
MA. GENE PENDENCIA	-	MOLINO 6
ESTRELLITA M. ATO	-	HABAY 1
DR. RONALD SUAVERDEZ	-	METRO SOUTH MEDICAL CENTER
DR. MICHAEL MONTESA	-	ST. DOMINIC MEDICAL CENTER
NENITA RAMOS	-	NENITA RAMOS LYING-IN

MINUTES OF THE COMMITTEE REPORT CHS-PCR-667-2024

Resolution to suspend Article 3 Section 21 – Health and Sanitation Code

Page 1





Republic of the Philippines
Province of Cavite
CITY OF BACOOR
OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD



DRA. REBECCA ANN GABOR

CLINIC

SOUTHERN TAGALOG

REGIONAL HOSPITAL

GLORIA FERANIL

OFFICE OF THE PROVINCIAL

HEALTH OFFICER

HEIZEL CREENCIA

OFFICE OF THE PROVINCIAL

HEALTH OFFICER

ANDREA TAYLOR

GIFT OF LIFE LYING-IN CLINIC

ESMERALDA ALCAIRO

MOTHER CARE MATERNITY

GODON BERNARDO

CLINIC

ATHENA CANDAZA PAMPILON

ULCCH

PATRICIA LORENZO

TENDENCIA LYING-IN CLINIC

VILMA ALONZO

LORENZO LYING-IN CLINIC

COUN. REYNALDO PALABRICA "Good morning, everyone. The hearing regarding the proposed amendment or the suspension of article 3 section 21 of health and sanitation code of City Ordinance no. 253-2022 series of 2022 is now called to order."

COUN. REYNALDO PALABRICA "In attendance to this hearing are the following members of the city council. First, from District 2 is Honorable Councilor Simplicio Dominguez."

COUN. SIMPLICIO DOMINGUEZ "Magandang magandang umaga po, mabuhay."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Next is from District 1, Honorable Councilor Levy Tela."

COUN. LEVY TELA "Good morning, Mr. Chair, good morning to all of us. Mabuhay."

COUN. REYNALDO PALABRICA "From District 2, Honorable Councilor Rogelio Bok Nolasco."

COUN. ROGELIO NOLASCO "Thank you Mr. Chair and good morning to all of us."

COUN. REYNALDO PALABRICA "May I request the resource persons to introduce themselves and their representation. Let us start with the City Legal Services."

SALVE VALENCIANO "Good morning everyone Salve Valenciano from the Office of the City Legal Services. Mabuhay po."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Next from the City Health Services Department."

DRA. IVY MARIE YRASTORZA "Good morning po, Dra. Ivy Marie Yrastorza from the Office of the City Health Services."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Thank you, next."

DR. MICHAEL MONTESA "Dr. Michael Montesa from St. Dominic Medical Center."

DRA. REBECCA ANN GABOR "Good morning, I am Dra. Rebecca Ann Gabor Chief of Medical Professionals staff representing Southern Tagalog Regional Hospital."

DR. RONALD SUAVERDEZ "Good morning, I am Dr. Ronald Suaverdez Medical Director from Metro South Medical Center."

MINUTES OF THE COMMITTEE REPORT CHS-PCR-667-2024

Page 2

Resolution to suspend Article 3 Section 21 – Health and Sanitation Code



Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg.,
Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727

Website: www.bacoocityep.com



Cert. no. 24/181809



ESTRELLITA ATO "Good morning Estrellita Ato from Habay, Bacoor."

PB VIVIAN GAWARAN-RAMIREZ "Good morning, Councilor Reynaldo Palabrica, Councilor Levy Tela, Councilor Bok Nolasco, and Councilor Dominguez. Representing Private Lying-In Clinic, Vivian Gawaran-Ramirez po."

ELVIRA TENDEROS "Good morning, Elvira Tendero representing the Elvira Tenedero Clinic, Molino dos po."

DR. TRINIDAD GERALDINE PURUGGANAN "Good morning, Dr. Geraldine Purugganan Medical Director of Molino Doctors Hospital."

VOLTAIRE TUMANGAN "Good morning po, Voltaire Tumangan representing South City Hospital and Medical Center po."

JOBELL LORAIS VECINO "Hello good morning, Jobell Salvador Vecino from St. Michael Medical Hospital."

ATHENA CANDAZA PAMPILON "Hello good morning, from Tendencia Maternity Lying-In Clinic."

COUN. REYNALDO PALABRICA "So, this is the continuation of our series of hearings regarding the propose measure of our City Council. So, ang pinaguusapan natin dito ay yung tungkol sa amendment, hindi na tayo particular sa number kasi nakakalito pag number tapos nagkaroon pa ng clerical error. Sa pinadala niyong sulat saamin ibang article din yung binanggit ninyo, article 3 section 3, it supposed to be article 3 section 21. So, anyway isang tabi na natin yun, ang pag usapan natin ay kung ano talaga yung tema natin. So, ang tema natin ay yung isuspend yung papayagan ang maternity clinic na mag conduct ng maternal procedure na tinatalawag na primigravid 1 and primigravid 5. Basahin ko lang yung provision para maintindihan natin lahat."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Section 21 the general admission guidelines ito po yung napapaloob sa ordinansa na ating pinag-uusapan."

Section 21. General Admission Guidelines.

No patient shall be admitted to any maternity lying-in clinic within the City of Bacoor unless the following general guidelines have been complied with:

- The patient should be at least eighteen (18) years and not more than thirty-five (35) years old.
- The patient should not have exceeded four (4) pregnancies.
- The patient should have at least one (1) prenatal consultation conducted by an accredited health care provider for each trimester and with increasing frequency as the date of pregnancy approaches.
- A woman who is pregnant for the first time who is more than 18 years old or a woman who has been pregnant five times or more may be admitted to a lying-in facility provided that they have been assessed by an Obstetrician during prenatal check-up at the facility. The delivery should also be done by the Ob-Gyne otherwise they should be referred to a hospital facility for delivery.
- Patients who are in active labor and are having the following conditions shall be admitted to a lying-in clinic:





- (i) Cervix is dilated at 5 cm verified on internal examination;
 - (ii) Uterine contractions that occur every 5 minutes or less and lasting for 60 seconds or more;
 - (iii) A leaking bag of water indicating the patient is in labor;
 - (iv) In cases of imminent delivery, such as bulging vaginal introitus with the head as presenting part.
- f. All deliveries that took place outside a birthing facility (i.e., tricycle, taxi or any other motor vehicle) shall admitted to a lying-in clinic provided that no complications are present in the patient – the mother and the baby.
- g. All emergency cases, as deemed by the medical team on duty, must be stabilized first before referral to a tertiary hospital."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Yung section 22 hindi ko na po babasahin. Ito na yung section 23.

Section 23. Prohibition to Handle High-Risk Pregnancies.

Lying-in clinics or birthing homes operating within the City of Bacoor are prohibited to handle high risk pregnancies as defined and determined by the Department of Health. All cases of complications, whether emergency or not, should be referred by a lying-in clinic to its partner doctors (OB-GYNE or Pediatrician or BEmONC trained physician) or to higher level facility for further evaluation and management."

COUN. REYNALDO PALABRICA "So, itong Section 21 pinapayagan pa dito yung gravida 1 and gravida 5, provided na sundin yung guidelines. Ngayon, itong ordinansa na to ay year 2022, this is the time of pandemic, puno ang mga hospitals natin because of COVID-19. At ang basis ng ordinansa na to ay yung Memorandum Circular from DOH during that time, kaya pinapayagan na ang gravida 1 and gravida 5 ay imanage ng maternal lying-in facility. May mga conditions nga lang na provided, iyon yung may mga Ob-Gyne, yung mga binanggit natin kanina."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Ngayon ho ang dahilan naman kung bakit natin isususpend yung particular provision na yun na pinapayagan yung gravida 1 and gravida 5 sa mga lying-in clinics. Dahil doon sa Memorandum Circular na nanggaling sa Provincial Health Officer."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Do we have representative from Provincial Health? Please introduce yourself ma'am."

HEIZEL CREENCIA "Heizel Creencia po from the Office of the Provincial Health Officer. I am the nurse supervisor and Save Mother Hood Program Coordinator po ng province. I am with the supervising midwife Ma'am Gloria Feranil."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Please state your name po ma'am."

GLORIA FERANIL "Good morning po, I am Gloria Feranil from the Provincial Health Office."

COUN. REYNALDO PALABRICA "2022 yung ordinansa na pianapayagan ang gravida 1 and gravida 5 sa mga maternity clinics. Ngayon, 2024 naglabas ng advisory ang ating Provincial Health Office, babasahin ko po sa inyong lahat."

To: **ALL PROVINCIAL HEALTH OFFICES, LOCAL GOVERNMENT UNITS, AND PUBLIC AND PRIVATE BIRTHING FACILITIES**

MINUTES OF THE COMMITTEE REPORT CHS-PCR-667-2024

Resolution to suspend Article 3 Section 21 – Health and Sanitation Code

Page 4





Republic of the Philippines
Province of Cavite
CITY OF BACOOR
OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD



(Lying-ins, Birthing Homes, and Clinics)

From: **ARIEL I. VALENCIA, MD, MPH, CESO III**
Assistant Secretary of Health

Subject: **LIFTING OF REGIONAL MEMORANDUM NO. 2023-0310.**
"Decongestion of Hospitals for Normal Deliveries"."

COUN. REYNALDO PALABRICA "May I call the attention of Provincial Health Officer. Pa explain saamin itong Lifting of Regional Memorandum No. 2023-0310."

HEIZEL CREENCIA "The memorandum or regional advisory lifting po ng memorandum 2023-0310. Previous years po kasi, pwede po ba sabihin ko po muna yung chronology ng mga events?"

COUN. REYNALDO PALABRICA "Yes, para po maintindihan po natin. Please enlighten the committee."

HEIZEL CREENCIA "First po nag release po ang Department of Health ng Administrative Order No. 2019-0026 which is the **"National Policy in the Provision of Birthing Assistance to Primigravid and Grand Multigravid Women"**."

HEIZEL CREENCIA "Meaning po na hindi po pwedeng ipaanak ang G1 and G5 above po na buntis natin."

COUN. REYNALDO PALABRICA "That was 2019?"

HEIZEL CREENCIA "Yes po, 2019."

HEIZEL CREENCIA "And with certain provisions din po. Dapat po kino-conduct yung birth tracking and home visit din po ng mga facility natin, provision of modern baby book, and yung birth planning po. Yun po yung naka include don sa AO 2019-0026, after releasing of that AO nagkaroon naman po ng **Department Circular No. 2019-043** which is yung **moratorium po ng implementation ng selected sections of the implementing guidelines of Administrative Order No. 2019-0026**."

COUN. REYNALDO PALABRICA "So yung Memorandum Circular ngayon na hindi pinapayagan, nagkaroon ng moratorium kaya pwedeng payagan?"

HEIZEL CREENCIA "Yes po."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Para malinaw. Please continue."

HEIZEL CREENCIA "Then after that po nagkaroon po ng **Department Circular No. 2021-005** which is **"Adherence to the definition of Low-Risk Pregnancy and High-Risk Pregnancy in the Implementation of AO No. 2021-0012."** Yun po yung definition ng high-risk and low-risk and including din po yung G1 and G5 po natin sa mga high-risk pregnancies."

COUN. REYNALDO PALABRICA "That was 2021?"

HEIZEL CREENCIA "2021 po."





Republic of the Philippines

Province of Cavite

CITY OF BACOOR

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD



COUN. REYNALDO PALABRICA "Dinefine ng DOH kung ano yung high-risk and low-risk pregnancies?"

HEIZEL CREENCIA "Yes po, by that year pa. Para po clear."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Ispecify ba doon sa definition yung kung sino yung high-risk at low-risk? Na yung primigravid 1 and primigravid 5 kasama sa high-risk?"

HEIZEL CREENCIA "Yes po, under that Department Circular po nakalagay po sa Section 2 high-risk pregnancy kasama po ang G1 and multigravid po natin. Primigravid and multigravid pregnancy."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Okay, please continue ma'am."

HEIZEL CREENCIA "After that Department Circular No. 2021-005 nagkarón naman po ng **Regional Memorandum**, nanggaling po yung memorandum sa Regional Office ng Department of Health which states **decongestion of hospitals for normal deliveries**. Kaya po inallow po ulit nila yung G1, ito po yung time nung COVID, inallow po nila yung mga lying-ins na magpa-anak ng G1 and G5 para po madecongest yung mga hospitals."

COUN. REYNALDO PALABRICA "May I interrupt? Hindi pinapayagan, pinayagan, hindi muli pinayagan? Please continue."

HEIZEL CREENCIA "And then after po, ngayon po nagkaron po ng **Memorandum** na galing po sa Regional Office lifting po nung binigay po na memorandum ng regional office na pag dedecongest po nung hospitals."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Anong year yan?"

HEIZEL CREENCIA "Ito pong lifting ay year 2024 na po."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Ito na yung latest?"

HEIZEL CREENCIA "Yes po."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Ito ba ay prior to the advisory of the Provincial Health Office?"

HEIZEL CREENCIA "Yes sir, prior to the advisory of the Provincial Health Office."

COUN. REYNALDO PALABRICA "So the basis of the Provincial Health Office is the Regional Memorandum Circular?"

HEIZEL CREENCIA "Yes sir and yun din pong recommendation ng DPCB po ng DOH to continue the recommendation of 2019-0026 na Administrative Order which is yun pong hindi pagpapa-anak ng G1 and G5 sa lying-in facility. Yun po ang recommendation ng DOH, after recommendation po ng DOH nag release po ang Regional Office ng lifting nung kanila pong memo ng decongestion po ng hospital. So, ngayon po after po nun tsaka po nag release ng advisory yung Provincial Health Office."





Republic of the Philippines
Province of Cavite
CITY OF BACOOR
OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD



HEIZEL CREENCIA "But actually sir, yung Provincial Health Office advisory ginawa siya after the dialog ng organization ng mga lying-in facilities dito sa Cavite."

COUN. REYNALDO PALABRICA "So there was a hearing prior to this advisory?"

HEIZEL CREENCIA "It was a dialog meeting po."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Parang consultation."

HEIZEL CREENCIA "It is a dialog meeting between the organization of the private lying-in sa Cavite which is UPLIPP."

COUN. REYNALDO PALABRICA "May I know kung may representative ang Bacoor doon during that particular dialog?"

HEIZEL CREENCIA "Hindi po ako sure kung may representative po ang Bacoor. Pero meron po kasi silang officers, so yung mga officers po yung nandoon po sa meeting."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Anyway, icascade naman nila yun eh. Gusto ko lang malaman kung may taga Bacoor na nandoon?"

HEIZEL CREENCIA "Then after that dialog, kasama din po namin ang Regional Office ng Department of Health. After that dialog po it was agreed po na magrelease ng advisory for General Emilio Aguinaldo Hospital and UPLIPP private lying-ins members po."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Yung mga maternity clinics natin dito member ng UPLIPP? Pero nagkaroon ng dialog?"

HEIZEL CREENCIA "Yes po, kaya po nagrelease ang Provincial Health Office ng advisory to all concerns po. Nakalagay naman po dito well-stated, in light of the recent meeting with the Department of Health Center for Health Development IV-A and the United Private Lying-in Practitioner and Proprietorship or UPLIPP Cavite. Ito pa yung mga organization ng lying-in sa Cavite."

HEIZEL CREENCIA "And in relation to the lifting of the advisory for the implementation of selected sections. The implementing guidelines of **Administrative Order No. 2019-0026** entitled **National Policy in the Provision of Birthing Assistance to Primigravid and Grand Multigravid Women**. The following guidelines shall be implemented starting August 12, 2024. Ang guidelines po ay yung G1 and G5 per Gravida 1 and Gravida 5, all prenatal care and vaginal delivery of G1 and G5 shall be conducted in hospital setting."

HEIZEL CREENCIA "Prenatal checkup at lying-in clinics, prenatal check up for G1 and G5 may be carried out at the lying-in facility by the Ob-gyn specialist provided that they have a valid birth plan and hospital affiliated by their attending Ob-gyn."

COUN. REYNALDO PALABRICA "So, pwedeng doon ang prenatal checkup?"

HEIZEL CERRENCIA "Yes po."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Pero yung delivery sa hospital facility na?"

MINUTES OF THE COMMITTEE REPORT CHS-PCR-667-2024

Resolution to suspend Article 3 Section 21 – Health and Sanitation Code

Page 7



Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg.,
Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitsp.com



Cert. no. 24/181809



HEIZEL CREENCIA "Yes po and referral of non-high-risk G2 and G3 to alleviate congestion for normal deliveries. All non-high-risks G2 and G3 mothers shall be referred to the nearest lying-in clinics in their area of residence for prenatal checkup and vaginal delivery. Naging kasunduan din po para hindi rin naman po malimit ang magiging clients or patient's ng ating mga lying-in. Willing po ibalik yung mga clients natin na non-high-risks na G2 and G3."

COUN. REYNALDO PALABRICA "So hindi sila magiging exclusive sa G1 and G5? I-accommodate nila lahat?"

HEIZEL CREENCIA "Yes po, if i-accommodate nila lahat, pero willing po mag back referral pabalik sa lying-in yung G2 and G3 na non-high-risk."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Pag non-high-risk willing sila irefer back pabalik sa maternity clinics?"

HEIZEL CREENCIA "Yes."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Gaano ba karami yung nanganganak? Ano pinaka marami G1, G2, G5? Based on your data record?"

HEIZEL CREENCIA "According to our data sir, actually wala po talagang official data po tayo sa province regarding po sa kung sino yung pinaka madami po kung G1 at G5. Ang meron lang po kasi kami sir is yung kung anong age ang pinaka marami. But yung official data or validated data kung sino po ang pinaka maraming pinapanganak na G1 or kung anong Gravida, wala po sir."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Gusto ko lang po itanong ma'am itong ating health advisory issued by Provincial Health Office, implemented na sa buong probinsya ng Cavite?"

HEIZEL CREENCIA "Again po kung advisory po ng province for General Emilio Aguinaldo Memorial Hospital in partnership or in coordination po with UPLIPP yung United Private Lying-in Practitioner and Proprietorship ng Cavite province. Pero yung Regional Memo po na lifting nung decongestion ng AO nila or ng hospital nila ayun po ang dapat nasusunod po ng buong region."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Thank you very much ang isa ko pang concern at ng committee and Sangguniang Panlungsod during our last session Monday, ang epekto neto yung mga G1 and G5, pag sa hospital na baka lumaki yung gastos. Kasi pag sa hospital malaki raw ang gastos sabi nila, hindi namin masiguro kaya itatanong namin sainyo."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Itatanong ngayon sa mga private hospitals kung papaano ang management niyo tungkol dito. Halimbawa nanganak G1, tanong ko muna sa St. Dominic, G1 covered ba ng PhilHealth yun? Kasi di ba dapat walang babayaran? How do you implement with that policy?"

DR. MICHAEL MONTESA "Good morning your honor. Kapag nanganak may PhilHealth pa rin po ang pasyente, kaya lang on top of it PhilHealth, depende kasi kung anong kwarto yung pinili ng pasyente kung regular accommodation or extra accommodation. Kapag ordinary accommodation we are bound to no balance billing, kapag siya ay kumuha ng private room pwede mag PF yung doctor, doon na tataas yung bill."

COUN. REYNALDO PALABRICA "So ang PF ng doctor ay according sa room na kinuha?"





DR. MICHAEL MONTESA "Also with the preference of the doctor kung ano yung kanyang standard."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Do you implement the City Ordinance na dapat meron tayong 10% of the bed capacity that should be allotted to charity?"

DR. MICHAEL MONTESA "Yes, 10% bed capacity."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Ako po kasi yung author ng ordinansa na yun eh. Masiguro lang natin na naipapatupad, kasi kung halimbawang indigent tapos primigravida 1 or 5. Syempre bawal sila sa facility dadalhin sila sa hospital, pinaka malapit St. Dominic naka gitna kasi ang St. Dominic eh, kaya madalas dyan sa inyo ang District 1."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Ngayon, walang pangbayad tas hindi naman namin mabibigyan ng guarantee letter kasi panganganak, bawal sabi ng auditor. Unless may complications pero kung delivery lang talaga, bawal. Hindi ka pupwede magbigay ng medical assistance, ang ibig kong sabihin "no balance payment" tayo doon? Covered ng PhilHealth, kapag kinuha nila yung charity bed?"

COUN. REYNALDO PALABRICA "Sa ibang hospitals naman. Molino Doctors."

DR. TRINIDAD GERALDINE PURUGGANAN "We do have 10% bed capacity for the indigents, yun lang sir nailiba kung gaano pa natoxic yung pasyente kasi hindi naman po guarantee kung G1 or wala pong komplikasyon. May mga extra meds po, doon po dumadagdag."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Pero kapag normal ang lahat no balance payment din tayo, under PhilHealth ang lahat?"

DR. TRINIDAD GERALDINE PURUGGANAN "Sir yes, kung pumasok po doon sa charity."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Thank you. How about Metro South?"

DR. RONALD SUAVERDEZ "The same rin po your honor. Basta, they availed the ward accommodation, as per PhilHealth there are no balance billing po. Same rin po, unless there are complicated case they may have to."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Naiintindihan naman namin yun, kasi kahit maternity clinic yan tas nogkaron ng complications and refer sa hospital eh may babayaran na rin ho. Kasi hindi na siya don sa normal delivery."

DR. RONALD SUAVERDEZ "Yes po. Thank you."

COUN. REYNALDO PALABRICA "May taga PhilHealth ba dito? Wala? Dra. Pwede ba makisuyo? Pakitawagan yung PhilHealth."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Ito lang yung tanong, kapag may complications kagaya nung binabanggit ng mga hospital representatives. Matutulungan pa ba ng PhilHealth yun?"





DR. TRINIDAD GERALDINE PURUGGANAN "I have a question kasi kadulasán po, not here in Bacoor actually yun pong mga nangagaling po sa lying-in minsan po dyan o madalas nagiging komplikado na po because they are pressing na maging normal po ang delivery ang pasyente. Mas madalas po dyan nag inquire na po ng madaming expenses, katulad ng pagkuha ng dugo, surgical procedures, kasi po pag ipipilit po na mag normal delivery. Ang question ko po hanggang saan po ba ang capacity ng mga lying-in para hindi po umaabot ng sobrang laki yung bayaran sa ospital na susunod, last po para maiwasan po yung mga legal actions. Usually, po kasi sa mga hospitals po bumabagsak yung mga ganun, dahil lamang po sa pinilit ng lying-in. Yun lamang po yung question ko."

COUN. REYNALDO PALABRICA "We will not entertain your question ma'am with your kind indulgence kasi labas na po sa pinag-uusapan natin."

DR. TRINIDAD GERALDINE PURUGGANAN "Yes sir."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Diretso muna tayo Memorandum Circular, focus muna tayo."

DR. TRINIDAD GERALDINE PURUGGANAN "Sige sir, thank you."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Sa mga lying-in pag may pinapaanak kayo, PhilHealth din nagbabayad? No balance payment policy din? Sayo, madam president?"

PB VIVIAN GAWARAN-RAMIREZ "Ano po, pag primi po sa aming facility kasi cover po ng PhilHealth lalo na at active member siya. Wala pong sinisingil pero yung aming OB partner doon po sila nagbabayad ng PF po."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Teka, may binabayaran pa rin?"

PB VIVIAN GAWARAN-RAMIREZ "Yung professional fee lang po ng doctor, pero yung sa facility po namin PhilHealth po."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Yung OB ang binabayaran ng pasyente?"

COUN. REYNALDO PALABRICA "Itatanong ko sa mga hospitals, pagka normal delivery syempre OB ang magpapa-anak doon kasi hospital kaya. May binabayaran ba na PF o covered na ng PhilHealth yun?"

DR. MICHAEL MONTESA "Pag nasa 10% allotment siya for ward. Technically, wala siyang babayaran kahit OB ang nagpapa-anak."

COUN. REYNALDO PALABRICA "May problem pala tayo dito, bakit may singil kaya, dapat wala. Edi parang napamahal pa yung nagpunta sa maternity clinic kesa sa hospital. Pano yun?"

COUN. REYNALDO PALABRICA "Yes, Doctor Bernardo you are recognized. May maternity clinic kaya? May OB din kaya? May doctor kaya?"

COUN. REYNALDO PALABRICA "Ang pinaguusapan kasi tinatanong ko ay kung ang panganganak ay cover ng PhilHealth. Sa clinic mo ba covered ng PhilHealth? Wala ng babayaran?"

GODON BERNARDO "Portion of the recording inaudible."

MINUTES OF THE COMMITTEE REPORT CHS-PCR-667-2024
Resolution to suspend Article 3 Section 21 – Health and Sanitation Code

Page 10



Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg.,
Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite

Trunkline: (046)417-0727

Website: www.bacoorcitysp.com



Cert. no. 24181809

**CITY OF BACOOR**

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

BAGONG PILIPINAS



COUN. REYNALDO PALABRICA "Yung 10% na binabanggit doon sa ordinance ay yung patients under the 10% charity bed yun yung walang babayaran. Iba yung 10% na iyong sinasabi. Hahaha tayo neto, diretso lang ang tanong, ikaw ba sa clinic mo libre ang panganganak under PhilHealth, walang babayaran?"

GODON BERNARDO *"Portion of the recording inaudible."*

COUN. REYNALDO PALABRICA "Walang babayaran? Walang professional fee? Walang OB na babayaran sayo?"

GODON BERNARDO *"Portion of the recording inaudible."*

COUN. REYNALDO PALABRICA "Ganito lang ang tanong, no balance payment kayo diba? Kanina nabanggit na ng ating presidente na yung OB ay binabayaran ng pasyente, sayo ba ay binabayaran din?"

GODON BERNARDO *"Portion of the recording inaudible."*

COUN. REYNALDO PALABRICA "Okay, malinaw, Thank you sa sagot."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Kaya ko tinatanong yan tungkol sa bayad kasi isa sa concern yan nung nagusap usap kami sa committee. Even sa hospital napag usapan namin to, kaya mahalaga saamin tong usapin na to dahil isa sa concern yan yung mga bayarin. Pero parang lumalabas mas libre pa sa hospital kesa sa inyo. Bakit ganun? Yes."

LYING-IN CLINIC REPRESENTATIVE "Your honor, yun po kasing sa hospital yung 10% po na part po nila ay no balance billing yung sa lying-in po 80% po ng patients ay no balance billing."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Teka hindi tayo nagkakaintindihan ang sinasabing 10% ay yung charity ward."

LYING-IN CLINIC REPRESENTATIVE "Yung sinasabi po ni president na may binabayaran po sa OB 10% lang po ng mga pasyente namin yung mga ganun, Karamihan po kasi no balance billing po."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Sino yung 10%?"

LYING-IN CLINIC REPRESENTATIVE "Yung mga nag-oob lang po."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Ah okay. Ang pinaguusapan kasi natin dito ay G1 and G5, so mag oob yung G1 tsaka G5, ayon sa ordinansa."

LYING-IN CLINIC REPRESENTATIVE "Opo."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Edi may babayaran?"

LYING-IN CLINIC REPRESENTATIVE "Pero pag indigent po listahan, sponsored pag po yan kahit Ob po nagpa-anak libre pa rin po."

COUN. REYNALDO PALABRICA "G1 tsaka G5?"

MINUTES OF THE COMMITTEE REPORT CHS-PCR-667-2024

Resolution to suspend Article 3 Section 21 – Health and Sanitation Code

Page 11



Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg.,
Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite

Trunkline: (046)417-0727

Website: www.bacoorslyip.com



Cert. no. 24/181809



LYING-IN CLINIC REPRESENTATIVE "Opo."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Anong assurance ng G1 and G5 niyo na libre ang G1 and G5 niyo?"

LYING-IN CLINIC REPRESENTATIVE "Sa category po kasi sponsored, listahan, 4Ps, matic po yun. No balance payment."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Nasa 4Ps, nasa listahan. Paano kung ordinaryong mamamayan."

LYING-IN CLINIC REPRESENTATIVE "Yun po."

COUN. REYNALDO PALABRICA "May babayaran? Halimbawa yung taga laba namin apat na anak, buntis ngayon pang-lima, G5 nanganak sayo."

LYING-IN CLINIC REPRESENTATIVE "Under po kasi siya ng kasambahay."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Kailangan may OB kasi G5 according to ordinance kailangan may OB. May babayaran wala?"

LYING-IN CLINIC REPRESENTATIVE "Wala po kasi under po siya ng kasambahay."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Kasambahay?"

LYING-IN CLINIC REPRESENTATIVE "Kasambahay na category po sa PhilHealth."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Papaano kung hindi kasambahay."

LYING-IN CLINIC REPRESENTATIVE "Pag self-employed po tsaka employed ng company yun po may babayaran po, OB lang po."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Self-employed, paano kung unemployed?"

LYING-IN CLINIC REPRESENTATIVE "Unemployed po libre."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Sigurado ka ha."

LYING-IN CLINIC REPRESENTATIVE "Opo, basta po depende po kasi sa categories."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Ako mismo magpapasara sayo pag hindi mo ginawa yan."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Okay. Unemployed, kapag kasama sa listahan, 4Ps. Libre yun ha."

LYING-IN CLINIC REPRESENTATIVE "Opo."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Kapag siringil mo sa PF ang mga yan, may problema kang malaki dito."



COUN. REYNALDO PALABRICA "Okay ang nakikita namin mangyayari sa Administrative Order na ito ng DOH binawali na nila na pinapayagan na nila sa maternity clinic ang G1 and G5. Ang nakikita namin magkakaroon ng influx ng pasyente lalo na sa mga public hospitals natin katulad ng STRH. Ano ang masasabi ng STRH dito?"

DRA. REBECCA ANN GABOR "Actually, nung nag ano na po yung advisory na yan talaga pong yung influx po ng pasyente namin medyo madami na po talaga."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Kaya nga po gusto namin malaman kung ano na po yung condition natin. Kung paano niyo ihahandle ito."

DRA. REBECCA ANN GABOR "Actually, nung lumabas po your honor yung advisory we already talk to the lying-ins of Bacoor together with Ma'am Vivian."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Nagkaroon kayo ng meeting?"

DRA. REBECCA ANN GABOR "Opo, nagkaroon lang naman po ng consultation."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Ichismis mo naman samin kung ano nangyari sa meeting."

DRA. REBECCA ANN GABOR "Nagkaroon lang po kami ng consultative meeting kasi po nagka problem po sila sa lying-in. Sabi nga po ni Dr. Rubiano na sinasuggest nya po yung best practices nga po is yung iimpose po sa ating mga lying-ins yung no balance billing po. So, para po madecongest po kami, yung G1 and G5 na lang po yung saamin and then yung mga low-risk po yung mga G2 to G4 ibibigay na po namin sa kanila, provided na hindi po sila maniningil. Kasi ayun po yung sasabihin namin sa mga pasyente na "pwede po kayong pumunta sa mga lying-in ng Bacoor na hindi rin po kayo sisigilin kagaya po ng ginagawa namin."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Because of the compliance dito sa Administrative Order ng Memorandum Circular ng DOH. Obligado kayo syempre, ang istrategy ninyo ay yung hindi G1 and G5 irerefer back ninyo sa mga maternity clinics."

DRA. REBECCA ANN GABOR "So, parang kami po pag nakita po namin sila on the OPD, isasuggest po namin sila sa mga lying-ins na malapit po sa kanila na doon na rin po magpa check-up."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Okay."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Halos lahat naman ng information nakukuha na namin. Kaya naman kami nagtatanong sa inyo kasi ang sitwasyon ng City Government regarding this issue ay hindi namin syempre pwedeng baliin ang Memorandum Circular ng DOH, kasi syempre sila ang expert pag dating sa health, hindi kami. Kami ay policy lang saamin, lahat ng policy na ilalabas namin ay lahat guided based on sa ilalabas ng mga departamento, lalo't na ay National Government. Sa isang banda naman ay tinitignan namin kung ano ang epekto neto sa mamamayan, ano ang epekto sa mga naghihanap-buhay. Kaya nga nagtatanong kami ng lahat ng pwedeng itanong kasi itatanong talaga namin sa inyo, for us to arrive with a concrete and solid decision."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Yes Doc? Ano ang gusto mong sabihin? Hindi kasi tayo pwede mag confrontational, this is a committee hearing we are soliciting information for us to arrive with

MINUTES OF THE COMMITTEE REPORT CHS-PCR-667-2024
Resolution to suspend Article 3 Section 21 – Health and Sanitation Code

Page 13



Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg.
Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727

Website: www.bacoorcivilsp.com



Cert. no. 24181809



Republic of the Philippines
Province of Cavite
CITY OF BACOOR
OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD



a concrete solution. Kaya ang questions namin kung napapansin mo is saan mapupunta ang decision ng Sanggunian."

GODON BERNARDO "Portion of the recording audible."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Hindi na kailangan yun, nasabi na ng STRH."

GODON BERNARDO "Portion of the recording audible."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Saya ba may babayaran? May babayaran ba sa clinic mo yung ni refer back? O wala pala, edi tapos, beneficial to the constituents of Bacoor."

GODON BERNARDO "Portion of the recording audible."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Sa presyuhan Doc lahat ng negosyo may kanya kanyang presyo yan kahit punerya yan, kahit kainan yan. Nasa marketing strategy ng bawat business establishments yan. So, hindi natin pag-uusapan ang presyo, kahit ang mga hospitals may kanya kanyang presyo yan eh. Ang St. Lukes iba ang presyo, ang St. Dominic iba ang presyo, ang Metro South at Molino Doctors iba. Iba't iba ang presyo, kahit naman kayong maternity clinics hindi naman kayo uniform eh, iba iba din ang presyo niyo eh. Kaya hindi natin pag-uusapan ang presyo."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Ang kailangan makita namin dito ay kung ano yung impact doon sa mga tao, particularly yung buntis sa panganay at yung G5, yun ang kailangan namin makita dito, kaya nga ang tanong namin ay lahat papunta doon. Yung mga intersections na mga tanong na ganito is just a waste of time, kaya hindi ko po talaga ieentertain pasensa ka na ha if I am very offensive with you, inaano ko lang yung direction ng hearing natin na makuha namin ng tama yung impormasyon."

COUN. REYNALDO PALABRICA "At kami nakikinig kami dito, kaya nga hearing eh, kung mapapansin ninyo nag hearing na tayo nung nakaraan, sumulat kayo samin hindi kami nagpabaya, nag hearing ulit tayo upang pakinggan. Kaya nga ininvite na namin ang Provincial Health Office, ang mga hospitals dahil maromong concerns. Una yung babayaran, ang babayaran importante sa lahat yan kasi arig napupunta sa maternity clinics ayun yung mga wala, may konti lang ang kakayahan. Kasi kung may kakayahan yan, pupunta na sa hospitals yan, nasa private hospitals na yan diba? Kaya ngayon ininvite naman namin yung mga private hospitals para ma-ensure at malaman din namin kung ano ang mangyayari kapag direktso sa hospital ang mga G1 and G5. Kaya private hospitals are invited para malaman kung ano yung posisyon dito at tsaka kung paano minamange yung issue na to. So malinaw naman na kapag nandodoon na sa charity ward natin, kung ano yung ina-apply sa maternity clinic ayun din yung ina-apply sa kanila. So malinaw naman lahat, okay Doc, malinaw po?"

COUN. REYNALDO PALABRICA "Wait lang ha kausapin ko lang yung PhilHealth."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Ang sabi ng DOH ang G1 to G5, covered nila basta walang complications. Ngayon kung may complications binabayaran din nila basta nasa hospitals, pero kapag nasa maternity clinics daw at may complications hindi nila babayaran. Ayun ang sabi ng PhilHealth, kasi meron daw regulasyon na kapag may complications hindi raw pwedeng ihandle ng maternity clinics, kundi dapat ihandle ng hospitals. PhilHealth na mismo ang nagsabi."





COUN. REYNALDO PALABRICA "Yes Ma'am Vivian?"

PB VIVIAN GAWARAN-RAMIREZ "Opo your honor lato po yan, kaya nga po meron po kaming pre-natal. Apat na beses po nag pe pre-natal yung nakikita rin po ng doctor namin, doon pa lang po sa first and third trimester nirerefer na po namin sa malaking facility po. Or maaga pa lang po nairefer na namin sa STRH at sa Las Piñas Hospital po kapag hindi kaya. Kaya po ang technique po namin your honor pag G1 na po, ang explain po namin nyan sa pasyente ay yung low-risk pinapaano na po namin sa hospital sa second trimester. Hindi po sila tatanggihan ng government hospitals, yung papasok na po sa middle yung pa third trimester na po hindi na po kasi tatanggapin. Yun naman po ang ginagawa ng mga lying-in po."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Kasi pag hindi ninyo nirefer at nadiagnose na yan na high-risk na siya or may complications sa pregnancy. Yan bang sinasabing complications, please correct me if I'm wrong. Halimbawa, high blood or may altapresyon ang pasyente may complication yun? Kasi kapag piniilit yun sa lying-in clinics hindi yun babayaran ng PhilHealth, kawawa naman yung pasyente nailagay na sa alanganan may babayaran pa siya diba? Tama?"

PB VIVIAN GAWARAN-RAMIREZ "Tama po, yung mga facility po na accredited ng PhilHealth Isaka po ng DOH alam na po nila yan, maliban lang po sa un-accredited po."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Kundi may pananagutan kung sino man yun kasi wala pa tayong enable na batas. Naisip ko tuloy maglagay ng batas tungkol doon eh. Baka pwedeng criminal act na yan, joke lang pagisipan pa namin. Kasi kami dito sinisiguro namin ang kapakanan ng bawat tao ng Bacoor, kaya nga lahat ng information na nakukuha namin noted yan. Katulad nyan nag come up ngayon sa hearing na to, hindi babayaran yung patients na may complication. Possible yan ha, hindi ko kayo pinagbibintangan, pero possible yan, ipilipit yan. Diba maaaring may gagawa ng ganun, to ensure na hindi mapahamak yung tao at hindi magastusan pwede namin gawan ng batas ito. Sino man magpaanak dyan hiot man o kung sino man yan na hindi sumunod doon sa batas natin ay merong penalty o may liability."

COUN. REYNALDO PALABRICA "So halos lahat naitanong na, nakuha na namin lahat ng information. Ang gagawin ng committee ay magkaroon ng committee meeting for us to endorse the City Council, kung ano ang magiging recommendation namin."

GODON BERNARDO "Mr. Chair."

COUN. REYNALDO PALABRICA "Please don't interrupt the chair when speaking. Sige itanong mo na."

GODON BERNARDO "Tungkol po doon sa pasyente, paano po ang gagawin namin puno ang government hospital, hindi umabot sa ibang hospital ang buntis G1 and G5 saamin po pumasok manganganak na. Kami po ba ay may liability?"

COUN. REYNALDO PALABRICA "That was the last issue na sasabihin ko ngayon. Itatanong talaga namin paano kung G1 and G5 yan, papacheck up yan sa doctor sa hospital diba. Tapos inabot ng panganganak walang available na sasakyang pinaka malapit maternity clinic mo papaano niyo iaccommodate o ihahandle, pwede ba o hindi? Yan ang mga tanong doon, yang kasunod na tanong."





Republic of the Philippines
Province of Cavite
CITY OF BACOOR
OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD



COUN. REYNALDO PALABRICA "And I will ask the DOH kung andito, itatanong namin sa DOH yan kung papaano. Kasi ilalagay na namin sa ordinansa yan, proteksyon sa inyo yun eh, mahal ko kayo eh, mahal namin kayo eh."

